**All About Young Children**
**Information for Families on Children's Early Development**

MGA IMPORMASYON SA MGA EDAD NG BATA

# 36 buwan *hanggang* 48 buwan



## PAGBUBUO NG PANANALITA AT KARUNUNGANG BUMASA AT SUMULAT

*Paano natututong magsalita ang mga bata?*

### Buod ng Lengguwahe at ng Kakayahang Bumasa't Sumulat

Ang mga bata ay isinilang na handang makipag-usap at matuto ng lengguwahe. Sa pakikinig sa mga usapan ng kanilang pamilya, sa kalaonan masisimulang tukuyin ng mga bata ang mga pamilyar na tunog at bumuo ng mga bukabyularyo ng mga salita na naiintindihan nila, bago pa sila makapagsalita. Ang kakayahan ng mga bata na makaintindi ng lengguwahe ay tinatawag na "receptive language."

Sa una, ang mga sanggol ay nakikipag-usap sa pamamagitan ng paggawa ng mga tunog, hal., pag-iyak, at sa pamamagitan ng mga galaw. Sa paglapit nila sa edad na bagu-bago pa lamang maglakad, nagsisimula silang gumamit ng mga ilang salitang pamilyar at, sa 4 at 5 taon, marami na silang bokabularyo at nasusunod na ang mga panuntunan ng gramatika kapag sila'y nakikipag-usap gamit ang lengguwahe. Ang kakayahan ng mga bata na gumamit ng lengguwahe upang masabi ang kanilang mga iniisip, ideya, at pakiramdam ay tinatawag na "expressive language" (o makahulugang pananalita).

Habang natututo ang mga bata ng mga salitang binibigkas , sila din ay natututo ng mga nakasulat na salita– sa pamamagitan ng mga libro, signs, at mga sulat. Bago matuto na magbasa ng mga salita, natututunan ng mga bata na ang mga nakasulat ay mga kumakatawan sa mga salita at bago magsulat, sila ay natututong gumawa ng mga marka at gumuhit ng mga larawan. Sa oras na sila'y tumungtong sa 5 taon, maiintindihan nila na binubuo ng mga letra ang mga salita at ang mga salita ay makakagawa ng mga kuwento na matututunan nilang basahin. Maraming mga 5 taong gulang na nakakabasa at nakakasulat na rin ng kanilang sariling pangalan.

© Copyright 2013, California Department of Education.

## Panimula

*Paano natututo ng wika ang mga bata at magsimulang maunawaan ang mga binabasa at sinusulat?*

- *Mga edad 4- na taon, karamihan sa mga bata ay kaya ng magsabi ng kanilang mga ideya at nararamdaman, magtanong, at maintindihan kung ano ang sinabi sa kanila. Kaya na nilang magkuwento tungkol sa mga bagay na nangyari sa nakaraan at mangyayari sa hinaharap.*
- *Nakikisali sila sa pag-uusap ng iba, sumasagot "sa paksa" minsan. Kaya nilang magkwento at iugnay ang simpleng pagkakasunod-sunod. Maaari nilang pagsamahin ang kathang isip at tunay na pangyayari sa kanilang mga kwento.*
- *Mga edad 4-na taon, gusto ng mga bata na laruin ang mga tunog ng salita, gumawa ng kalokohang tugma. Gusto din nila na gumawa ng "walang kwentang" mga salita at minsan ay nag-eeksperimento ng "baliw" na wika. Natutunan nila ang maraming "panuntunan" sa komunikasyon sa kanilang pamilya at kultura at kapag gumagamit ng wika ay nakagagawa lamang ng kaunting pagkakamali, tulad ng "I wented to the store." Gusto din nilang matutunan ang "malaking" mga salita, tulad ng tiyak na uri ng mga trak.*
- *Mag edad 4- na taon, nauunawaan ng mga bata na ang mga titik sa pahina ng aklat ay iba mula sa mga larawan. Natututunan nila na ang mga titik ay nakagagawa ng mga salita at kapag binasa ng iba't ibang tao ang mga salita, ang mga salita ay pareho parin.*
- *Interesado sila sa pagguhit at pagsusulat at "nagkukunwari" na isinusulat ang mga titik at salita, kahit na bago nila malaman kung paano isulat ang mga tunay na titik.*
- *Mga edad 4-taon, nagkukunwari din ang mga bata na nagbabasa ng mga aklat, binubuklat ang mga pahina at "nagkukuwento" ito man ay mula sa alaala ng kwento o sa pamamagitan ng pagkukuwento tungkol sa mga larawan. Marami din ang natuto ng mga salita sa ilang mga kanta.*

## *Pag-unlad ng Wikang Bilingguwal*

*Paaano natututo ng wika ang mga bata sa bilingguwal o hindi nagsasalita ng Ingles na pamilya?*

- *Ang mga bata ay napaka dalubhasa sa pag-aaral ng wika at may kakayahan na matutunan ang dalawa o higit pang mga wika kahit na bago sila magsimulang mag-aral.*
- *Ang mga pamilya na nagsasalita ng wika sa bahay bukod sa Ingles ay maaaring gamitin ang kanilang sariling wika bilang kanilang pangunahing wika sa kanilang mga anak. Ang pag-aaral sa kanilang sariling wika ay nakatutulong sa mga bata na maramdamang konektado sa kanilang pamilya at kultura. Maaari din silang matuto ng Ingles kapag ang pamilya ay bilingguwal o maaari silang matuto ng Ingles kapag nagsimula na sila sa childcare o paaralan.*
- *Sinusuportahan ng pamilya ang pag-aaral ng wika sa pamamagitan ng pagsasalita, pagbabasa o pagkanta sa kanilang mga anak gamit ang sariling wika. Sa ganitong paraan natututo ng maraming kasanayan sa wika ang mga bata na makatutulong sa kanila kapag nagsimula na silang mag-aral ng Ingles.*
- *Tingnan ang iyong lokal na aklatan para sa mga aklat sa iyong sariling wika.*
- *Ang mga batang may ganitong oportunidad na maging bilingguwal sa batang edad ay makikinabang mula sa paggamit ng parehong wika sa buong buhay nila.*

© Copyright 2013, California Department of Education.

## *Pakikinig at Pagsasalita*

*How do speaking and listening help a child learn language?Paano nakatutulong ang pagsasalita at pakikinig sa bata na matuto ng wika?*

*Ang pag-aaral kung paano magsalita at paano sumali sa usapan ay napakahalagang unang hakbang upang matutong bumasa at magtagumpay sa pag-aaral. Mas maraming naririnig na salita ang mga bata, at may mas malaki silang bokabularyo, mas mahusay sila sa paaralan. Ang mga bata ay masigasig na mag-aaral ng wika at nabibighani sa kapangyarihan ng wika…*

- *upang sabihin ang kanilang mga kailangan, nararamdaman, at ideya*
- *upang ibahagi ang kanilang personal na karanasan sa iba,*
- *upang gawin ang mga bagay,*
- *upang kumuha at magbigay ng impormasyon,*
- *upang lutasin ang mga problema,*
- *upang tulungan sila na magkaroon ng koneksyon sa tao,*
- *upang lumikha at magkwento.*

*Ang mga bata ay natututo ng wika sa pamamagitan ng pakikinig, pakikipag-usap, pagsasanay ng mga bagong salita, at pakinggan at sagutin. Natututo ang mga bata ng bagong salita kapag gumamit ka ng mga bagong salita sa kanila. Ang pamilya ay napakaraming pagkakataon araw-araw upang tulungan ang kanilang mga anak na matuto ng wika.*

**Mga tip kung ano ang gagawin ng pamilya upang tulungan ang kanilang mga anak na matuto ng wika:**

- *Matutulungan mo ang pag-unlad ng wika ng mga bata sa araw-araw ng mga gawain. Ang wika ay hindi bagay na dapat ituro sa "espesyal na aralin." Kapag ang kapamilya ay nakipag-usap sa mga bata sila ay likas na nagtuturo ng wika. Ang paggamit ng wika ay ang tanging dapat gawin ng kapamilya. Mas maraming wika ang ginagamit ng kapamilya sa mga bata, mas marami ang matututunan ng mga bata.*
- *Sa sasakyan, sa tindahan, sa paglalakad, sa bahay habang ginagawa ang gawaing bahay, habang naglalaro ang bata, sa oras ng pagkain, sa pagtulog.*

  *Kapag pinag-usapan natin ang mga bagay na madali at natatandaan, mas mauunawaan ng mga bata ang wika dahil mayroon silang nakikitang palatandaan at karanasan upang itugma sa mga salita.*

- *Pag-usapan ang*
- *ano ang tinitingnan mo,*
- *ano ang ginagawa nila,*
- *ano ang ginagawa mo,*
- *anong ang ginawa ninyo kanina,*
- *ano ang gagawin mo mamaya.*
- *Magdagdag ng ilang bagong naglalarawang mga salita kapag nakikipag-usap ka sa mga bata. Isa sa mga paraan na karaniwan nating ginagawa upang bumuo ng bokabularyo ang bata ay sa pamamagitan ng pagpapakilala ng bagong salita kasama ang pamilyar na mga salita na alam na nila at may nakikitang palatandaan upang mas madali nilang maunawan ang mga bagong salita.*
  - *"May aso."*
  - *"May malaki, tumatalbog na aso."*

© Copyright 2013, California Department of Education.

  - *"May malaki, tumatalbog, kulot ang buhok na aso na inaamoy ang bato at winawagwag ang kanyang buntot."*
- *Ibahagi ang mga kwento sa kanila. Ang mga kwento ay nagbibigay saiyo ng pagkakataon an ibahagi kung ano ang mahalaga saiyo, kung ano ang pinahahalagahan mo at ano ang palagay mo tungkol sa mga bagay. Ang mga kwento ay makatutulong sa mga bata na maramdaman na konektado sila saiyo at maglaan para sa pag-aaral ng wika.*
  - *Gusto ng mga bata na marinig ang mga kwento mula sa iyong kabataan. Ang mga kwentong ito ay nagtuturo sa kanila tungkol sa kasaysayan, pamilya at kultura.*
  - *Ang mga kwento ay maaaring tungkol sa iyong araw, sa mga bagay na interesado ka. Maaari kang gumagamit ng mga kwento upang tandaan at ibalik sa panahon ng iyong anak.*
  - *Hindi kinakailangang mahaba ang mga kwento. Maaaring naglalaman ang mga iyon kung ano ang nangyari, ano ang nararamdaman ng anak mo tungkol dito, paano nalutas ng mga tauhan ang problema, ano ang katulad nito para saiyo upang maging bata.*
  - *Maaari kang gumagamit ng mga kwento upang ilarawan ang mga ideya na iyong pinahahalagahan, halimbawa, pagtitiyaga, pagiging malikhain, pakikiramay, pagkamapagbigay, mapag-alaga, katapangan, pagtutulungan.*
- *Tanungin ang mga bata ng mga tanong.*

  *Ang pagtatanong sa mga bata ay nagbibigay sa kanila ng pagkakataon na makita at isipin kung ano ang alam nila at nag-aalok din sa kanila ng oportunidad na magsanay sa pagpili at pagbigkas ng mga salita. Nagpapahintulot din ito sa kanila na malaman ang kahalagahan ng kanilang mga ideya.*

- *Tanungin sila tungkol sa:*
  - *ano ang nakikita nila,*
  - *ano ang ginagawa nila,*
  - *ano ang iniisip nila,*
  - *ano ang nararamdaman nila,*
  - *ano ang gusto nila,*
  - *ano ang nangyari kanina,*
  - *ano sa tingin nila ang mangyayari.*
- *Tanungin sila ng mga karagdagang tanong. Kapag may sinabi sila saiyo, maaari mo silang tanungin para sa higit pang detalye Tanungin sila ng maraming tanong, subukan sila na mag-isip ng mas malalim tungkol sa kung ano ang alam nila at maghanap ng mga salita na naglalarawan dito. Ang pagsagot sa iyong mga tanong ay isang paraan para sa maunat ang kanilang pangwikang kalamnan.*
  - *"Wow, ikaw at si Rigo ay naglaro ng mga dragon. Ano ang ginawa ng mga dragon? Sabihin mo sa akin ang higit pa tungkol sa mga dragon.Paano sa tingin mo pinalalabas ng dragon ang apoy sa kanilang mga bibig?"*
  - *"Gumuhit ka ng spaceship? Ano ang nasa loob ng spaceship? Paano lumilipad ang iyong spaceship? Saan pupunta ang iyong spaceship? Sabihin mo saakin ang higit pa tungkol sa spaceship."*
- *Magtanong ng mga tanong na nagpapahintulot sa mga bata upang lumikha ng kanilang sariling sagot (iwasan ang mga tanong na may oo o hindi na sagot) Kapag tinatanong natin ang mga bata na walang "wastong sagot," maaari silang maging malikhain at maingat sa kanilang sagot, sa halip na basta lamang subukan na alamin kung ano ang nais mong sabihin sa kanila.*

© Copyright 2013, California Department of Education.

- *Narito ang ilang mga halimbawa ng mga tanong na maaaring humantong sa mas mahaba o maikling pag-uusap.*
  - *"Ano ang ginawa mo at ni Liam ngayon?" (walang limitasyon—mahabang pag-uusap)*
  - *"Nasiyahan ba kayo ni Liam ngayon?" (oo/hindi o tanong na may limitasyon —maikling pag-uusap)*
  - *"Ikuwento mo saakin ang tungkol sa iyong kaibigan na si Lew." (walang limitasyon – mahabang pag-uusap)*
  - *"Gusto mo ba si Lew?" (oo/hindi o tanong na may limitasyon —maikling pag-uusap)*
- *Magtanong na wala kang nakahandang sagot. Ang pagtatanong ng mga tanong na wala kang nakahandang sagot ay nagsasabi sa mga bata na ikaw ay tuany na interesado sa kanilang iniisip at kaya ang kanilang mga iniisip ay mahalaga.*
  - *Ano ang nakikita mo sa pahinang ito? (hindi alam ang sagot—ang magandang paraan upang tulungan ang iyong anak na mag-isip)*
  - *Ano sa tingin mo ang gagawin ng aso? (hindi alam ang sagot—ang magandang paraan upang tulungan ang iyong anak na mag-isip)*
  - *Ano ang kulay ng aso? (alam na sagot; kaunting tulong sa pag-iisip ng mga bata)*
- *Maaari mong anyayahan ang iyong anak na sagutin ang tanong na itinanong mo. Karaniwan, ang mga bata ay mayroon ng hula kapag tinanong mo sila. Ang pagtatanong sa mga bata kung ano sa palagay nila ay humihimok sa kanila na isalin ang kanilang mga iniisip sa mga salita at nagbibigay sa kanila ng higit na pagkakataon upang makipag-usap saiyo.*
  - *"Nakawiwiling tanong iyan. Sa tingin mo, paano nakaakyat ang mga bituin sa langit?"*
- *Makinig sa mga bata. Ang mga bata ay patuloy na magsasalita kapag alam nila na ikaw ay nakikinig. Ang higit na pagsasalita ay nagbibigay sa kanila ng higit na pagsasanay sa wika.*
- *Maaari mong ipaalam sa kanila na ikaw ay nakikinig kung*
  - *tumitingin sa mata,*
  - *nagbibigay ng puwang upang sila ay magsalita o tapusin ang kanilang sinasabi,*
  - *isara ang TV,*
  - *pagkakaroon ng "panahon sa pag-uusap" nang palagian (halimbawa, pag-upo sa sopa na magkatabi, paglalakad na magkasama, magkayakap matulog)*
  - *pag-uulit o pagsasabing muli ng sinabi nila upang ipaalam sa kanila na narinig mo sila,*
  - *pagtatanong,*
  - *pagpapasalamat sa kanila sa pagbabahagi ng kanilang mga ideya o kwento saiyo.*
- *Maaari kang gumagamit ng teknolohiya upang tulungan ang pag-unlad ng wika ng iyong mga anak*
- *Gamitin ang iyong phone upang irekord ang mga salita at kwento ng iyong mga anak. Kapag pinatunog mo ito pag-usapan kung ano ang sinabi nila.*

## *Pagbabasa*

*Paano natututong bumasa ang ang mga bata?*

- *Kapag nagbabasa ka kasama ang iyong anak sinisimulan mo na buksan ang mga bagong mundo nila. Ang pagbabasa ay nagpapahintulot sa kanila na matuto tungkol sa makapangyarihang anyo ng komunikasyon at bigyan sila ng daan sa lahat ng uri ng impormasyon.*
- *Karamihan sa mga bata ay gustong ibahagi ang kanilang aklat sa kapamilya. Ang pagbabasa nito sa iyong anak ay pinakamahalagang bagay na magagawa mo upang tulungan sila na matutong bumasa at maging matagumpay sa paaralan.*

© Copyright 2013, California Department of Education.

- *Ang pagbabasa ay hindi lamang nangyayari sa mga aklat. Ang mga bata ay nabibighani sa mga karatula, etiketa, tagubilin, tala, sulat at email. Ang kaalaman sa maraming gamit ng mga iyon sa pagbabasa ay nakatutulong sa mga bata na mas maging tuwang-tuwa tungkol sa pag-aaral magbasa.*
- *Ang maagang karanasan sa pagbabasa para sa mga bata ay simula upang matuto ang mga bata na kilalanin ang mga larawan at imahe. Natututunan nila na ang mga larawan at imahe ay maaaring bigyan ng pangalan at pag-usapan ito. Natututunan din nila na ang mga kwento ay maaaring pag-usapan ang tungkol sa mga larawan sa aklat. At sa huli ay natututunan nila na ang mga titik sa pahina ay nagsasabi sa kwento tungkol sa mga larawan at inilalarawan ang mga iyon. Halimbawa, nagsisimula sila na unawain na may ugnayan sa pagitan ng lawaran ng mansanas at ang mga titik na m-a-n-s-a-n-a-s sa pahina— na ang mga titik ay kumakatawan sa kaisipang mansanas.*
- *Kapag nakikilala ng mga bata ang mga aklat, natututo sila ng maraming bagay:*
    - *Ang mga aklat na iyong ay mahalaga (dahil sila ay mahalaga saiyo!) at dahil ang mga ito ay may maraming kawiliwiling impormasyon.*
    - *Paano mo gamitin ang aklat—hawakan ito, buklatin ang mga pahina, pag-usapan ang bawat pahina,*
    - *Paano mo ito gagamitin sa iba o saiyong sarili,*
    - *Nasaan ang kwento (Nasa mga larawan ba ito o sa ilalim ng pahina o nasa alaala ng taong nagbabasa nito?)*
    - *Paano iayos ang mga aklat (Ang mga pamagat at pangalan ng may akda ay nasa unahan at ang kwento ay nasa loob)*

**Mga tip kung ano ang magagawa ng kapamilya upang tulungan ang mga bata sa mga aktibidad na paunang pagbabasa:**

- *Tingnan ang mga larawan at imahe kasama ang mga bata at tanungin sila kung ano ang nakikita nila at pag-usapan kung ano ang nakita. Makatutulong ito sa mga bata na linangin ang kanilang kakayang magmasid at bigyan sila ng pagkakataon na magsanay at palawakin ang kanilang bokabularyo.*
- *Tanungin sila kung ano sa palagay nila ang nangyayari sa larawan. Ito ay nagbibigay sa mga bata ng pagkakataon na magsanay sa pagkukwento ng kanilang sariling kwento" at makatutulong sa kanila na mag-isip ng sarili bilang mga tagapagkwento at manunulat.*
- *Pansinin ang mga salita sa kapaligiran at ituro ang mga iyon sa mga bata. Kapag itinuro natin ang mga lugar na ang mga salita ay ginagamit sa mundo,magsisimulang makita ng mga bata ang kahalagahan ng pagsusulat ng salita at mararamdaman ng mas nagaganyak na matutunan kung paano basahin ang mga salitang iyon.*
    - *Kung ikaw ay nakasakay sa sasakyan, maaari mong kausapin ang iyong anak tungkol sa mga karatula sa daan.*
    - *Sa tindahan ng groseri, maaari kang tulungan ng mga bata na "basahin" ang mga tatak sa mga lata at pakete.  Ang pag-uusap tungkol sa mga larawan ay makatutulong sa karanasan ng mga bata ang pakiramdam ng nagbabasa.*
- *Basahin sa kanila ang isinusulat mo. Kung makikita ng mga bata ang proseso sa pagsusulat at maririnig kung ano ang ibig sabihin nito, mas mauunawaan nila ng malinaw ang kaugnayan sa pagitan ng pagsusulat ng liham at pagbibigay ng mensahe.*
    - *" Gumagawa ako ng listahan para sa tindahan ng groseri. Ang sabi dito, 'keso,' at ito pa ang sabi nito, 'bigas.' Anong uri ng prutas ang dapat nating ilagay sa listahan ng bibilhin?"*
    - *" Gumagawa ako ng sulat sa iyong guro na nagsasabi na pupunta tayo sa bayan sa isang linggo."*

© Copyright 2013, California Department of Education.

- *Basahin ang mga nota at titik ng malakas sa kanila.*
    - *Narito ang liham na isinulat ng iyong guro. Sabi dito, "Mga minamahal naming pamilya….."*
- *Ituro ang salita na iyong binabasa.*
    - *Ang pagtuturo sa mga salita ay nakatutulong sa mga bata na maunawaan kung paano ang binibigkas na salita ay nauugnay sa mga nakasulat na salita.*
    - *" Ito ay liham mula kay lola. Ito ang sabi niya, 'Mahal kita.' Ito ang sabi niya, 'Pupunta ako diyan para bisitahin ka.'"*
- *Basahan din sila ng mga email at mga tekstong mensahe. Kung minsan ang mga salita na nasa screen ay hindi nakikita ng mga bata. Ang pagpapakita sa kanila ng mga salitang ito ay nakatutulong sa kanila kung paano ang teknolohiya ay maaaring magdala ng mga nakasulat na salita at komunikasyon.*
    - *Marami sa mga salita sa kanilang paligid ay elektroniko, at maaari rin na magbigay ito ng mga pagkakataon para sa mga aktibidad ng paunang pagbabasa.*
- *Maghanap ng mga pagkakataon na isulat ang mga salita. Ang pagsusulat ng mga salita ng iyong anak ay isa sa pinakamahalagang bagay na iyong gagawin upang patunayan sa kanila ang kapangyarihan ng pagsusulat at pagbabasa. Kapag ang kanilang sariling salita ay maaaring "itago" at ibahagi sa ibang tao at sa iba't ibang pagkakataon, mararamdaman nila ang kapangyarihan ng pagsusulat at pagbabasa.*
    - *Kung nalulungkot sila na magpaalam sa kanilang kaibigan, maaari mong imungkahi sa kanila na baka gusto nilang sumulat ng liham. Maaari silang gumuhit ng larawan at sabihin saiyo kung ano ang dapat isulat. Sa oras na maisulat mo ang mga kanilang mga salita, basahin ang mga iyon sa iyong anak.*
    - *Kung magdaraos ng kaarawan ang kanilang kaibigan, maaari silang tumulong gumawa ng card – sa pamamagitan ng pagguhit at pagsasabi saiyo ng mga salita na isusulat.*
    - *Kung may itinayo sila at nais na itabi ito, maaari mo silang tulungan na gumawa ng karatula (gamit ang mga salita) upang iteyp sa kanilang estruktura.*
- *Ihanda ang mga kagamitan upang magamit nila sa pagguhit (mga lapis, pen, marker, chalk). Kapag gumuguhit sila, maaari mo silang tanungin kung nais nilang sabihin saiyo ang tungkol dito. Maaari mong isulat ang kanilang "kwento" sa post-it note at pagkatapos ay itanong sa kanila kung nais nilang basahin ito sa kanila. Ang mga gamit sa pagguhit ay nagbibigay sa kanila ng pagkakataon na magsanay kung paano gumawa ng linya at mga hugis – ang kakayahan na sa huli ay kakailanganin nila sa pagsusulat. Kahit na ang pagguhit ng mga larawan ay nagbibigay sa kanila ng pakiramdam na kakayahang ipahayag ang kanilang mga ideya sa iba't ibang paraan, at maaari silang magsimulang magkaroon ng karanasan na maging "may-akda" sa kanilang sarili.*
- *Basahan ng aklat ang iyong anak Ang pagbabasa ng aklat sa iyong anak ay hindi lamang nagbibigay sa kanila ng pagsasanay sa lahat ng mga kakayahang kinakailangan sa pagbabasa, ngunit sinasabi din nito sa kanila kung gaano kahalaga ang pagbabasa para saiyo.*
    - *Magbigay ng iba't ibang aklat ng bata sa salansanan o sa basket na maaabot ng bata*
    - *Maaari kang gumawa ng palagiang pagdalaw sa aklatan o bookstore upang kumuha ng mga aklat para sa iyong anak*
    - *Kabilang ang pagbabasa bilang palagiang aktibidad sa iyong anak (humanap ng oras araw-araw kung kailan maaari mong basahin ang mga aklat sa iyong anak.)*
    - *Isara ang TV upang magkaroon ng oras para sa pagbabasa.*
    - *Basahin ang libro ng higit sa isang beses sa iyong anak. Karaniwang gusto ng mga bata na basahin ang parehong aklat ng maraming beses.*
    - *Pag-usapan mo ng iyong anak ang aklat.*

© Copyright 2013, California Department of Education.

  - *Bago buklatin ang pahina, tanungin ang iyong anak kung ano sa palagay niya ang mangyayari sa susunod.*
  - *Gayundin sa pagbabasa ng mga salita, maaari mong talakayin ang kwento at mga larawan sa iyong anak:*
  - *"Ano ang nakikita mo sa pahina?"*
  - *"Ano sa palagay mo bakit umakyat ang bata sa itaas ng puno?"*
  - *"Ano ang gagawin mo kung ikaw ay nakasakay sa kabayong iyon?"*
  - *Bago basahin ang isa sa mga paboritong aklat niya, tanungin siya kung gusto niya munang magkwento sayo.*
  - *Minsan, kapag binabasahan ang iyong anak, maaari mong ituro ang mga salita habang binabasa mo ang mga iyon.*
  - *Ipaliwanag sa iyong anak kung ano ang mga salita sa pabalat ng aklat. "Ito ang pamagat ng aklat. Ito ay nagbibigay ng ideya kung saan tungkol ang aklat." "Ito ang pangalan ng may akda. Ang may akda ay ang taong nagsulat ng aklat. Ito ang pangalan ng ilustrador.*
  - *Pag-usapan ng iyong anak ang mga titik at tunog.*
  - *Ituro ang mga titik ng natatanging mga salita, tulad ng pangalan ng bata. "Ang iyong pangalan ay nagsisimula sa "S," Sergio.*
  - *Maglaro ng mga tunog at tugma. Gamitin ang mga kanta, tula o iba pang mga tugmang salita, matutulungan mo ang mga bata na makinig at ikumpara ang mga tunog sa mga salita.*
  - *"Maaari kang maglaro ng mga tugmang laro sa sasakyan. "Ang oso ay may itim na balahibo. Maaari ka bang mag-isip ng salita na katulad ng tunog ng oso at balahibo?"*
- *Gamitin ang iyong phone upang irekord ang iyong sarili habang nagbabasa ng aklat sa iyong mga anak at maaari silang makinig sa mga iyon kapag ikaw ay abala o kapag sila ay naghihintay sa tanggapan ng doktor.*

## *Pagsusulat*

*Paano natututo ang mga bata na magsulat?*

- *Sa edad na 4 na taon, maraming mga bata ang nakakaalam ng ilang mga gamit sa pagsusulat. Alam nila na may mga salita sa maraming lugar- mga aklat, karatula, tala, liham, magasin, kompyuter, tindahan.*
- *Nagsisimulang nilang maunawaan na ang mga tao ay maaaring gumagamit ng pagsusulat upang magbigay ng mensahe sa tao.*
- *Kapag gumuguhit sila ng isang bagay, maaari din nilang magustuhan na magsulat ng titik sa papel. Ang kanilang mga "titik" ay maaaring hindi pa talagang katulad ng mga titik, ngunit nagsisimulang maging mas kamukha ng sulat kaysa sa guhit.*
- *Maaaring gumawa ang bata ng ilang mga kilo-kilong linya papunta sa pahina at sabihin, "Ito ang kwento ng nakakatakot na lobo." Tapos maaari niyang iguhit ang ilang mga bilog sa ibaba ng pahina at sabihin, "At ito ang larawan ng lobo." Ang pagsusulat at pagguhit ng magkasama ay isang hakbang sa direksyon ng pag-aaral upang magsulat ng malinaw na mga salita.*
- *Ang pagkakaroon ng daan sa mga kagamitan sa pagguhit at pagsusulat at papel ay humihimok sa mga bata na gamitin ang mga kagamitang ito upang ipahayag ang kanilang sarili at upang makipag-usap.*

© Copyright 2013, California Department of Education.

**Mga tip kung ano ang dapat gawin ng kapamilya upang tulungan ang mga bata na matutong magsulat:**

- *Magbigay ng iba't ibang kagamitan sa pagsusulat at papel kung saan nakikita ito at naaabot nila. (Mga lapis, pen, may pinong dulo na marker, papel na may iba't ibang sukat.) Madalas kailangan ng mga bata sa kanilang paglalaro ang mga larawan o gumawa ng karatula. Ang mga kagamitan na mayroon ay humihimok sa kanila na gamitin ang mga ito sa kanilang paglalaro ng mas madalas.*
  - *Maaari mo rin na isama at iteyp ang mga piraso ng papel, upang makagawa ang mga bata ng karatula, sobre at makapagsulat ng mga titik o tala. Minsan gusto ng mga bata na magkaroon ng papel na may maluwang na linya sa pagsusulat.*
- *Lumikha ng paboritong "sobre ng salita" para sa iyong anak na maaaring lagyan ng mga salita na hiniling ng iyong anak na isulat para sa kanila. Kapag makikitang muli ng mga bata ang mga salitang iyon, nagsisimula nilang malaman kung ano ang hitsura nila at maaaring magsimula na "basahin" sila.*
- *Maaari mong ilimbag o bumili ng tsart ng alpabeto upang ikaw at ang iyong anak ay tumingin dito kung nais niyang malaman kung paano baybayin ang isang bagay. Ang pagpapaskil ng alpabeto ay nakatutulong sa iyong anak upang tingnan ang mga titik sa kanilang sarili at makatutulong na maramdaman nila na maari silang magsulat mag-isa.*
- *Maaari kang mag-alok ng mga titik sa iyong anak. Ang pagkakaroon ng mga titik sa paligid ay nakatutulong na makilala ng bata ang kanilang mga hugis at nagpapahintulot sa kanya na simulang ayusin ang mga ito, kahit bago ito maisulat nila ng buo.*
  - *May iba't ibang uri ng titik na maaari mong bilihin, kabilang ang magnetikong mga titik na maaaring gamitin ng mga bata sa pridyeder, o maaaring isulat mo lamang ang mga titik sa maliit na piraso ng makapal na papel at ibigay sa kanila upang gamitin na gumawa ng mga salita.*
- *Anyayahan ang iyong anak na magsulat kasama mo kapag nagsusulat ka ng mga tala o gumagawa ng listahan. Gusto ng mga bata na maging matulungin at makibahagi sa mga gawain ng matatanda. Ito ay nagtutulak sa kanilang interes upang matuto ng higit tungkol sa pagsusulat.*
  - *"Gagawa ako ng mga listahan ng bibilihin. Gusto mo bang tulungan ako?" Kung alam mo na maaaring sumulat ang iyong anak ng tiyak na mga titik, maaari mo siyang anyayahan na isulat ang mga iyon sa iyong listahan. "Isinusulat ko ang mansanas sa listahan na nagsisimula sa "M" tulad ng iyong pangalan. Gusto mo bang isulat ang "M" para sa akin?*
- *Alukin na magsulat ng mga kwentong pambata o mga salita. Ang pagsusulat ng kanilang mga ideya at pagbabasa sa kanila ng kanilang mga salita ay makapangyarihang karanasan para sa mga bata sa pagiging epektibo sa pagsusulat upang magtaglay at magpahayag ng kanyang ideya.*
  - *Kung may kaibigan o isang tao na nais nilang kausapin, maaari mo silang alukin ng tulong na gumawa ng liham.*
  - *Kung gumuhit sila ng larawan, maaari mo silang tanungin kung nais nilang sabihin ang tungkol dito at isulat ang tungkol sa kanilang ideya.*



© Copyright 2013, California Department of Education.